Contributor :ACruel

PANUTO: Basahin at piliin kung ano ang kahinatnan ng pangyayari. Bilugan ang tamang sagot.

1. Naglagay ng basurahan ang Ateneo sa iba't-ibang lugar sa football field. Araw-araw, sinisugurado ng mga estudyante, yaya , driver at gwardiya ang maayos na pagtapon ng basura sa tamang lugar.

   Ano kaya ang maaaring sunod na mangyari?
   a. Madumi at maamoy ang paligid ng football field.
   b. Walang gustong maglaro at umupo sa field.
   c. Malinis ang simoy ng hangin at maaliwalas ang kapaligiran.

2. Papunta si Barney at Marshall sa Tali Beach. Biglang dumilim ang langit at kumulog.

   Ano kaya ang maaaring sunod na mangyari?
   a. Hindi na aalis ng bahay sina Barney at Marshall.
   b. Pupunta sila sa Tali Beach na may dalang payong.
   c. Isasama nila sa Tali Beach ang kanilang lola.

3. Araw-araw nagmamaneho si Manong Peter ng schoolbus. Hinahatid at sinusundo niya ang mga mag-aaral sa paaralan.

   Ano kaya ang maaaring sunod na mangyari?
   a. Maglalakad mag-isa pauwi ang mga bata.
   b. Makakauwi sa bahay ng ligtas ang mga bata.
   c. Magkakaroon ng maraming kaibigan si Mang Peter.

4. Nanood ng sine ang buong pamilya ni Stewey. Sinabi ng Nanay ni Stewey na magkitakita sila sa pinto ng sinehan pagkapunta nila sa restroom.

   Ano kaya ang maaaring sunod na mangyari?
   a. Pumunta si Stewey sa videogames at naglaro.
   b. Bumili si Nanay ng popcorn at pumasok sa sinehan.
   c. Nagkitakita sila sa pinto ng sinehan at sabay-sabay silang pumasok sa sinehan.